
TOMO 12 BILANG 8 | ISSN NO. 2599-5405 | AGOSTO 2025

LIBRE 'TO!

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kwentong Tagumpay Page 2
Anniversaryo Serbisyo: Yugto ng Pag-unlad at Pag-asa Page 3
From the Margins — Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Page 4



## CARD SME BANK, KABILANG SA MGA GINAWARAN NG 2025 OUTSTANDING BSP STAKEHOLDERS AWARD

ni Harlene Joy Reyes




*Tinanggap ni CARD SME Bank President and CEO Julius Adrian R. Alip (nasa gitna) ang parangal mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas bilang isa sa mga Outstanding Stakeholders ngayong 2025. Ginanap ang seremonya noong Hulyo 18, 2025 sa Assembly Hall ng BSP Manila, kung saan nakibahagi rin ang mga kinatawan ng CARD MRI at iba pang panauhin.*

Pinarangalan ang CARD SME Bank, Inc. bilang isa sa mga *Outstanding Stakeholders* ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) sa ginanap na 2025 Outstanding BSP Stakeholders Appreciation Ceremony noong Hulyo 18, 2025 sa Assembly Hall ng BSP Manila.

Ang taunang pagkilalang ito ay iginagawad ng BSP sa mga institusyong katuwang sa pagsusulong ng matatag na ekonomiya at mas inklusibong akses sa serbisyong pinansyal sa bansa.

Kinilala ang CARD SME Bank para sa masigasig nitong pakikiisa sa mga inisyatibo ng BSP na naglalayong gawing bukas at abot-kaya ang mga serbisyong pinansyal, partikular sa mga malalayong komunidad at maliliit na negosyante.

Tinanggap ni CARD SME Bank President and CEO Julius Adrian R. Alip ang parangal. Aniya, "Ang pagkilalang ito ay handog sa bawat kawani ng CARD SME Bank na buong puso at dedikasyon ang iniaalay para sa ating mga kliyente. Patunay ito ng ating sama-samang hangarin na abutin at paglingkuran ang maliliit na negosyante tungo sa mas matatag na kinabukasan. Patuloy nating isusulong ang adbokasiya ng walang maiiwan."

Bahagi ng CARD MRI, nakatuon ang CARD SME Bank sa pagbibigay

P2

## KAUNLARAN CARAVAN NG CARD MRI, NAGHATID NG LIBRENG SERBISYO SA PALOMPON, LEYTE

ni Harlene Joy Reyes



*Makikita sa larawan ang 35 kalahok sa livelihood training ng Kaunlaran Caravan, kung saan itinuro ang paggawa ng Kalabasa Chips—isang masustansya at malikhaing produktong maaaring pagkakitaan ng mga kliyente ng komunidad.*

Isinagawa ng CARD MRI ang Kaunlaran Caravan sa Palompon, Leyte noong Hulyo 16, 2025, dala ang libreng serbisyong medikal, dental, optical, financial literacy, at iba pang programang makatutulong sa pag-unlad ng komunidad.

Pinangunahan ito ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), katuwang ang iba pang institusyon ng CARD MRI. Sa pamamagitan ng mga ganitong inisyatibo, mas napapalapit sa mga komunidad ang serbisyong tumutugon sa pangangailangan ng pamilyang Pilipino.

"Ang Kaunlaran Caravan ay simbolo ng aming paninindigan na abutin ang bawat Pilipino saan mang sulok ng bansa. Kasama kami sa pangarap ng bawat pamilya na

P2

## NAGSAGAWA NG TREE PLANTING ANG CARD SME BANK AT CARD RBI SA CDO AT AGUSAN DEL SUR

ni Harlene Joy Reyes




*Nagkaisa ang mga kawani ng CARD SME Bank CDO Branch, katuwang ang Community Environment and Natural Resources Office (CENRO) at lokal na pamahalaan ng Cagayan de Oro, sa isang tree planting activity bilang bahagi ng adbokasiya para sa pangangalaga ng kalikasan at pagtataguyod ng ligtas at maayos na kinabukasan.*

Bilang bahagi ng adbokasiya ng CARD MRI para sa pangangalaga ng kalikasan at pakikiisa sa mga gawaing pangkomunidad, nagsagawa ng *tree planting activity* ang dalawang kaanib nitong institusyon—ang CARD SME Bank at CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) noong Hulyo 12, 2025.

Sa Cagayan de Oro City, nakipagtulungan ang CARD SME Bank sa Community Environment and Natural Resources Office (CENRO) at lokal na pamahalaan para sa pagtatanim

P2

## PAGBABASA AT PANGANGALAGA SA KALIKASAN, MAGKATUWANG NA ISINULONG NG CARD MRI SA PALOMPON, LEYTE

ni Harlene Joy Reyes




*Masayang tumanggap ng Koa Kits ang 35 batang dumalo sa Koa Storytelling. Naglalaman ito ng school supplies at mga storybook tulad ng "Ang Magic Alkansya ni Carding" at "Si Ellie at ang Ibong Siwit." Tumanggap din sila ng Koa coin banks, mga alkansyang likha ng mga kawani ng CARD MRI sa mula sa recycled newspapers sa ilalim ng Koa Sustainability Circle.*

Bilang bahagi ng adbokasiya ng CARD MRI sa pagpapalaganap ng kahalagahan ng pagbabasa, pag-iimpok, at pangangalaga sa kalikasan, matagumpay na idinaos ang *Koa Events* at *Koa Sustainability Circle* sa Palompon, Leyte noong Hulyo 16–17, 2025.

Buwan-buwan itong isinasagawa ng CARD MRI Publishing House upang mas maraming komunidad ang maabot ng layunin ng institusyon. Tampok sa aktibidad si Koa the Kwago, ang opisyal na *mascot* ng CARD Publishing, na sumisimbolo sa katapangan—isa sa

P2

## KOA-PINYON:

Aba, big shoutout sa CARD SME Bank! Kapag puso at malasakit ang puhunan, hindi magtataka kung parangal ang balik, BSP-certified pa! Tuloy-tuloy lang ang serbisyo, dahil sa ekonomiya ng bayan, sila ang tunay na Best Supporting Role.



## CARD SME BANK, ... P1

ng angkop, abot-kaya, at makabagong tulong pinansyal sa mga *Micro, Small, and Medium Enterprises* (MSMEs). Sa pamamagitan ng *digital banking services, microfinance loans, savings* at *deposit accounts,* at *business loans,* layunin nitong palakasin ang kakayahan ng mga negosyante na palaguin ang kanilang kabuhayan.

Sa datos noong Hunyo 2025, umabot na sa 1,340,156 ang kabuuang bilang ng kliyente ng CARD SME Bank, habang naitala ang Php 9.67 bilyon na halaga ng *loans outstanding*—malinaw na patunay ng ambag nito sa lokal na ekonomiya.

Kasama ng CARD SME Bank sa mga pinarangalan mula sa *banking sector* ang Bank of the Philippine Islands (BPI), BDO Unibank, Inc. (BDO), Cebuana Lhuillier Rural Bank, EastWest Banking Corporation, Land Bank of the Philippines, at Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC). Kabilang naman sa mga ahensya ng gobyerno na kinilala ang Bureau of Fire Protection, DILG – Bureau of Local Government Development, City Government of Cabanatuan, at Provincial Government of Pangasinan. Mula naman sa sektor ng *private organizations* at *development partners*, kabilang sa mga ginawaran ang IT & Business Process Association of the Philippines (IBPAP), Association of Bank Compliance Officers of the Philippines (ABCOMP), Bankers Institute of the Philippines (BAIPHIL), BDO Foundation, Cambridge SupTech Lab, Innovations for Poverty Action, at Robinsons Supermarket.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga produkto at serbisyo ng CARD SME Bank, bisitahin ang www.cardmri.com/cardsmebank o sundan ang kanilang Facebook *page*: @CARDSMEBankOfficialPage.

## KAUNLARAN CARAVAN NG ... P1

makaahon sa kahirapan at makamit ang mas maayos na kinabukasan," pahayag ni CARD RBI President and CEO Lyneth L. Derequito.

Mahigit 400 indibidwal ang tumanggap ng mga serbisyong hatid ng Kaunlaran Caravan. Sa kabuuan, 132 ang sumailalim sa *medical check-up*, 107 ang nagpa-dental consultation, at 126 ang nagpa-optical exam. Samantala, 190 ang nakatanggap ng libreng gupit, *manicure, pedicure,* at *wellness massage*. Namahagi rin ang BotiCARD ng abot-kayang gamot upang higit pang mapangalagaan ang kalusugan ng mga dumalo.

Bahagi rin ng programa ang *livelihood training* kung saan tinuruan ang 35 kalahok ng paggawa ng Kalabasa *Chips*—isang masustansya at malikhaing produkto na maaaring dagdag kabuhayan. Layunin ng aktibidad na magbigay inspirasyon sa mga nais magsimula ng sariling negosyo, lalo na sa sektor ng *Micro, Small, and Medium Enterprises* (MSMEs).

Samantala, naghatid naman ng kasiyahan sa mga bata ang *storytelling session* ng CARD MRI Publishing House. Sa tulong ng kuwentong "Ang Magic Alkansiya ni Carding," naituro sa 35 anak ng mga kliyente ang kahalagahan ng pag-iimpok. Tumanggap sila ng Koa Kit na may lamang *school supplies* at *Koa coin bank*, isang alkansyang gawa mula sa *recycled paper* na bunga ng *Taka-Making Workshop* ng *Koa Sustainability Circle*.

Isa rin sa mga tampok ng Kaunlaran Caravan ang *Mass Wedding* na isinagawa ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), kung saan anim na magkasintahan na kliyente ng CARD RBI ang sabay-sabay na ikinasal sa isang makabuluhang seremonya bilang suporta sa pagpapatatag ng pamilyang Pilipino.

Nagkaroon din ng *orientation* ang CARD MBA ukol sa kanilang *optional insurance products*. Umabot sa 51 katao ang dumalo, at 11 sa kanila ang agad na nag-enroll sa *Family Security Plan* (FSP) bilang paghahanda sa mga hindi inaasahang pangyayari sa buhay.

Ang CARD RBI ay isang *microfinance-oriented rural bank* at bahagi ng CARD MRI. Patuloy itong nagsusulong ng serbisyong pinansyal, edukasyon, kalusugan, at kabuhayan para sa mas maraming Pilipino. Para sa karagdagang impormasyon at mga *update*, bisitahin ang kanilang Facebook *page*: @CMRBofficial.

Asahan pa ang mga susunod na Kaunlaran Caravan sa iba't ibang bahagi ng bansa upang mas maraming komunidad ang maabot ng tulong, kaalaman, at inspirasyon mula sa CARD MRI.

## NAGSAGAWA NG TREE ... P1

ng 200 punla ng *teakwood* sa Barangay Camarahan. Ang *teakwood* ay kilala sa tibay at kakayahang tumagal, kaya't karaniwang ginagamit sa *reforestation* at paggawa ng mga kasangkapan.

"Ang pagtatanim ng puno, paglilinis ng kapaligiran, at tamang pagtatapon ng basura ay mga simpleng paraan upang makatulong sa kalikasan at sa komunidad," ani CARD SME Bank President Julius Adrian Alip. "Sa bawat punlang ating itinatanim, tayo'y nagbibigay ng pag-asa at tumutulong na protektahan ang kalikasan para sa susunod na henerasyon."

Samantala, sa Barangay P5 Domagooc, Trento, Agusan del Sur, matagumpay ding nakapagtanim ng 300 punong Narra ang mga kawani ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. katuwang ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) – MENRO-2 at ang lokal na pamahalaan. Ang Narra, pambansang puno ng Pilipinas, ay may malaking ambag sa kapaligiran at sa industriya.

"Ang bawat puno ay simbolo ng ating pangako—hindi lamang sa kalikasan kundi sa hinaharap," ani CARD RBI President and CEO Lyneth L. Derequito. "Sa mga ganitong gawain, nagtatanim tayo hindi lang ng punla kundi ng pag-asa, pagkakaisa, at malasakit. Naniniwala kami na ang tunay na kaunlaran ay sabay na pag-unlad ng tao at kalikasan."

Ang mga proyektong ito ay patunay ng patuloy na pagsasabuhay ng CARD MRI sa layuning paunlarin ang mga komunidad habang inaalagaan ang kalikasan. Sa tulong ng sama-samang pagkilos ng mga kawani, lokal na pamahalaan, at mga katuwang na ahensya ng gobyerno, layunin ng CARD MRI na magtanim hindi lang ng puno, kundi ng mas luntiang kinabukasan para sa lahat.

## PAGBABASA AT PANGANGALAGA... P1

mga haligi ng misyon ng CARD MRI sa paglilingkod sa mga pamilyang Pilipino.

Isa sa mga pangunahing bahagi ng programa ay ang *Koa Storytelling*, kung saan masiglang ibinahagi ng *Koa Squad*—binubuo ng mga kawani ng CARD Publishing—ang kuwentong pambatang "Ang Magic Alkansya ni Carding" na nagtuturo ng kahalagahan ng pag-iimpok sa murang edad. Umabot sa 35 bata ang lumahok at masayang nakinig sa kuwento.

Matapos ang *storytelling*, nagkaroon ng *coloring activity* kung saan ipinamalas ng mga bata ang kanilang pagkamalikhain. Bilang pasasalamat sa kanilang aktibong pakikilahok, bawat bata ay tumanggap ng *Koa kit* na naglalaman ng *school supplies* at dalawang *storybook*: "Ang Magic Alkansya ni Carding" at "Si Ellie at ang Ibong Siwit." Binigyan din sila ng *Koa coin bank*—isang alkansyang gawa mula sa *recycled paper* bilang bahagi ng adbokasiya ng *Koa Sustainability Circle*.

Kasabay ng aktibidad, nagturo ang *Koa squad* ng paggawa ng alkansya gamit ang lumang papel sa isang *Taka-Making Workshop* na ginanap sa CARD RBI Palompon Branch. Lumahok dito ang 24 na kliyente at kawani mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at CARD RBI. Ang mga nagawang *coin bank* ay ipamamahagi sa mga susunod na *Koa Storytelling sessions* upang patuloy na mahubog ang mga kabataan sa kahalagahan ng pag-iimpok at pangangalaga sa kalikasan.

Inaasahang ipamimigay ang mga nagawang *coin banks* sa mga susunod na *Koa Storytelling* upang patuloy na mahubog ang mga kabataan sa kahalagahan ng pag-iimpok at pangangalaga sa kalikasan.

"Ang bawat aklat at alkansyang naibabahagi natin ay parang munting pag-asa na unti-unting lumalago sa puso't isipan ng buong komunidad ng CARD MRI. Sa pamamagitan ng mga programang tulad ng *Koa Events* at *Koa Sustainability Circle*, layunin nating palakasin hindi lang ang imahinasyon, kundi pati na rin ang disiplina at malasakit sa kalikasan. Hindi lang ito basta aktibidad, isa itong pamana para sa hinaharap," pahayag ni CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila.

Ang CARD MRI Publishing House ay *communication arm* ng CARD MRI na nakatuon sa pagbabahagi ng mga kuwentong puno ng inspirasyon at impormasyon sa pamamagitan ng mga publikasyon nito, kabilang ang Sulong, ang opisyal na pahayagang pangkaunlaran ng institusyon.

Para sa karagdagang impormasyon at mga *update* ukol sa susunod na *Koa Events* at *Koa Sustainability Circle*, bisitahin ang kanilang Facebook *page*: PublishingHouseInc.

## KUWENTONG TAGUMPAY

### HUSAY SA BAWAT TAHI

ni Josephine Ramos



*Sa tabi ni Mary Ann Mariano ay nakaayos ang kanyang mga paninda—bawat isa ay bunga ng sipag at pusong inukit sa bawat tahi.*

Taong 2001 nang simulan ni Mary Ann Mariano mula sa Bataan ang pagbebenta ng tela at mga gamit pantahi, katuwang ang kanyang asawang si Ruben. Lumaki si Ruben sa pamilyang mananahi kaya't naipasa niya kay Mary Ann ang kaalaman at kasanayan sa pananahi—naging matibay itong pundasyon ng negosyong pinagsikapan nilang buoin. Hanggang ngayon, magkasama nilang tinitiyak ang kalidad ng bawat produkto, dahilan kung bakit patuloy silang binabalikan ng kanilang mga suki.

"Noong una, ilang yarda lang ng tela ang kaya naming bilhin dahil maliit lang ang puhunan namin. Pero dahil sa sipag, tiyaga, at tiwala ng aming mga suki, unti-unti naming napaikot ang puhunan. Nakakabili na kami ngayon ng mga rolyo ng tela. Dahil dito, mas dumami ang aming paninda at lumago ang negosyong dati ay pangarap lang," pagbabalik-tanaw ni Mary Ann sa sinimulan nilang negosyo sa halagang PhP 1,500.

Makikita ang kanilang pagkamalikhain sa mga produktong pambahay na kanilang nililikha—mula sa *bedsheet*, punda, at kurtina, hanggang sa basahan at mga kasuotan na iniangkop sa panlasa ng kanilang suki.

Bukod sa kanilang puwesto sa Balanga Public Market, aktibo rin silang sumasali sa mga tiangge tuwing pista. Sa pamamagitan nito, nakararating sila sa iba't ibang bayan at mas marami silang naaabot na mamimili. Karaniwan, ilang araw silang nananatili sa isang lugar bago lumipat sa susunod na lokasyon.

Dati'y umuupa pa sila ng *jeep* tuwing may tiangge. Ngunit noong 2008, nakabili sila ng sariling sasakyan na hanggang ngayon ay ginagamit nilang *service* sa paglalako ng paninda. Pagsapit ng 2015, sinimulan din nilang magbenta ng ukay-ukay bilang karagdagang kita, na karaniwang itinitinda rin nila tuwing pista.

Dahil sa likas na talento ni Mary Ann sa pagdidisenyo, kinilala siya sa taunang Pagkilala sa mga Likha ni Inay noong Disyembre 2024, kung saan ginawaran siya ng Gawad Malikhain. Ang premyong Php 25,000 ay agad niyang ginamit bilang karagdagang puhunan upang mapalago pa ang kanilang kabuhayan.

Upang mapanatili at mapalago ang kanilang negosyo, kumukuha si Mary Ann ng karagdagang puhunan mula sa CARD SME Bank, isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI. Sa kasalukuyan, may *loan* siyang PhP 300,000 na ginagamit para sa pagbili ng tela at iba pang materyales para sa kanilang produksyon.

Maingat siyang humawak ng pera. Palagi siyang nagtatabi ng bahagi ng kita para sa ipon, *emergency*, at mga personal na pangangailangan.

"Unahin mo muna ang mga tunay na kailangan. Imbes na gastusin ang pera sa mga luho, mas mabuting ipuhunan ito sa negosyo o sa bagay na may magandang balik. Kapag may tiyaga at disiplina, darating din ang tagumpay," aniya.

Pangarap ni Mary Ann na sa loob ng limang taon ay makabili sila ng sariling lupang sakahan at makapagsimula ng pagsasaka—isang bagong oportunidad na makatutulong upang mas lalo pang paunlarin ang kanilang kabuhayan.

# BUKAS para sa LAHAT

## DALAWANG BAGONG SANGAY NG CARD INDOGROSIR, BINUKSAN SA BIÑAN AT STO. TOMAS

*ni Harlene Joy Reyes*



Bilang tugon sa layuning suportahan ang maliliit na negosyo, binuksan ng CARD Indogrosir ang dalawang bagong sangay nito sa Biñan, Laguna at Sto. Tomas, Batangas noong Hunyo 30 at Hulyo 14, 2025.

Nagbibigay ang CARD Indogrosir ng dekalidad at abot-kayang produkto para sa sari-sari *store*, maliliit na negosyo, at pamilyang Pilipino. Sa pagbubukas ng mga bagong sangay, mas pinadali ang akses ng mga mamimili sa mga produktong kailangan nila sa araw-araw.

Sa pamamagitan ng matatag na pakikipagtulungan sa Salim Group of Indonesia, patuloy na pinalalawak ng CARD Indogrosir ang presensya nito sa iba't ibang bahagi ng bansa. Layunin nitong makatulong sa pagpapatatag ng lokal na kabuhayan at mapalapit ang mga produktong abot-kaya sa mas maraming komunidad.

Matatagpuan ang sangay sa Biñan sa P. Paterno St., Barangay Dela Paz, Biñan City, Laguna, habang nasa Karpuz Building, Barangay San Pedro, Sto. Tomas, Batangas naman ang sangay sa Batangas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga sangay at mga susunod na pagbubukas, bisitahin ang opisyal na Facebook *page* ng CARD Indogrosir.

## CARD RBI, BINUKSAN ANG IKA-40 NA SANGAY SA TANDAG CITY

*ni Harlene Joy Reyes*



Pinalawak ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) ang saklaw ng kanilang serbisyo sa pagbubukas ng ika-40 sangay nito sa National Highway, Barangay Mabua, Tandag City, Surigao del Sur noong Hulyo 21, 2025. Layunin ng pagbubukas na ito na mas mailapit sa mga pamilya sa rehiyon ang mga serbisyong pinansyal na makatutulong sa kanilang kabuhayan at pang-araw-araw na pangangailangan.

Bilang isang *microfinance-oriented rural bank* na bahagi ng CARD MRI, patuloy na isinusulong ng CARD RBI ang mga programang may kinalaman sa *microinsurance*, edukasyon, kalusugan, at kabuhayan, upang suportahan ang pag-unlad ng mga pamilyang Pilipino, lalo na ang mga nasa laylayan ng lipunan.

Dumalo sa seremonya ng pagbubukas sina CARD RBI President and CEO Lyneth Derequito, Executive Vice President Juliana De Leon, CARD RBI Board Member Leonora Lasco, at CMIT Vice President for Corporate Governance Leyne De Galicia, kasama ang iba pang opisyal at kawani ng CARD MRI.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa pinakamalapit na sangay ng CARD RBI o sa kanilang opisyal na *website*: www.cardmri.com/rbi.

# ANNIVERSERBISYO

**YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA**

## CaMIA, 18 Taon nang katuwang sa seguridad ng pamilyang Pilipino

*ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng **CARD MRI Insurance Agency (CaMIA)** ang ika-18 anibersaryo ng tapat at makabuluhang paglilingkod sa pamilyang Pilipino noong Agosto 2, 2025. Sa loob ng halos dalawang dekada, naging katuwang ng libu-libong pamilya ang CaMIA sa pagharap sa mga hamon ng buhay sa pamamagitan ng abot-kayang *insurance products*.

Itinatag noong 2007 bilang tugon sa matinding pinsalang dulot ng Bagyong Reming, layunin ng CaMIA na tiyaking may proteksyon ang bawat pamilya—lalo na ang mga nasa laylayan ng lipunan—laban sa mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng aksidente, sakuna, o pagkawala ng mahal sa buhay.

Kabilang sa mga produkto ng CaMIA ang **Sagip Plan, Kabuklod Plan, Dakila Plan, at CARD Care**—mga planong nakatuon sa kalusugan, kabuhayan, at seguridad ng kliyente.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.cardmri.com/camia o i-follow ang Facebook *page* na @CaMIA2007.

## CARD Astro, anim na taon nang kaagapay sa kalinisan at kalusugan ng komunidad

*ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng CARD MRI Astro Laboratories (CARD Astro) ang ika-anim na anibersaryo nito noong Agosto 6, 2025—isang patunay ng patuloy na pagtugon nito sa pangangailangan ng mga pamilyang Pilipino pagdating sa kalinisan at kalusugan.

Mula nang itatag noong 2019 bilang bahagi ng CARD MRI, layunin ng CARD Astro na makapaghatid ng abot-kayang produktong makatutulong sa pangangalaga ng katawan at kalinisan ng tahanan. Ilan sa mga pangunahing produkto nito ang *hand sanitizers, rubbing alcohol, dishwashing liquid,* at *dish soap*—mga gamit na mahalaga sa araw-araw para sa kaligtasan ng bawat pamilya.

Bilang tugon sa lumalawak na pangangailangan ng komunidad, inilunsad din ng CARD Astro ang *cosmetic products* at pabango. Higit pa sa kalinisan, layunin nitong itaguyod ang kumpiyansa ng bawat indibidwal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanilang mga produkto at serbisyo, bisitahin ang opisyal na Facebook *page* na @CARDAstroLab.

## Mga Likha ni Inay, ipinagdiwang ang Ika-11 taong pagtulong sa mga Microentrepreneurs

*ni Harlene Joy Reyes*

Noong Agosto 14, 2025, ipinagdiwang ng Mga Likha ni Inay (MLNI) ang ika-11 anibersaryo nito—isang makabuluhang yugto na sumasalamin sa patuloy nitong pagsuporta sa mga maliliit na negosyanteng Pilipino na may angking galing sa malikhaing paggawa.

Mula nang itatag noong 2014 sa ilalim ng CARD MRI, naninindigan ang MLNI sa layuning itaguyod ang mga lokal na manlilikha gaya ng mga mananahi, manghahabi, at manlililok. Sa tulong ng MLNI, naipapakilala ang kanilang mga likha sa mas malawak na merkado, habang lumalago ang kanilang kabuhayan at naipagmamalaki ang tatak-Pilipino sa bawat produkto.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa MLNI at sa kanilang mga produkto, maaaring bisitahin ang kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/mlni o sundan ang kanilang Facebook *page* na @MgaLikhaNiInayOfficial.

## FDSAP, nagdiwang ng ika-9 anibersaryo ng paghahatid ng digital at technological services

*ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng CARD MRI Bakawan Data Analytics, Inc. ang unang anibersaryo nito noong Hulyo 16, 2025. Sa loob ng isang taon, naging mahalagang katuwang ang Bakawan sa mas epektibong pagbibigay ng serbisyo ng CARD MRI sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.

Itinatag ang Bakawan bilang *data analytics* at *technology arm* ng CARD MRI. Layunin nitong gamitin ang mga datos upang mas mapabuti at mapalawak ang mga programa ng institusyon. Sa pamamagitan ng maayos na pagsusuri at malinaw na pag-uulat ng impormasyon, nakatutulong ang Bakawan sa pagbuo ng mga programang tumutugon sa tunay na pangangailangan ng mga kliyente.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD MRI Bakawan Data Analytics, Inc., bumisita sa www.cardmri.com o sa opisyal na Facebook *page* ng CARD MRI.

I-download na sa Google Play

CARD SME BANK Let's grow your business, together!

CARD RBI Ito ang bangko natin.

CARD Bank Kaibigan para sa kaunlaran.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers

# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kuwento at impormasyon mula sa Sulong 12 bilang 8 at manalo ng **PHP 100.00 load** via konek2CARD at iba pang papremyo!


Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc** o ihulog sa pinakamalapit na dropbox sa piling CARD Indogrosir Stores sa inyong lugar kasama ng iyong buong pangalan, institusyon, pangalan ng CARD center at unit nito.

Pipili tayo via e-raffle ng entries na may tamang sagot hanggang **Setyembre 30, 2025** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Full name: ____________________ Institution: ________________

Name of center: ____________________ Unit: ________________



**Pababa:**

1. Itinatag noong 2007 bilang tugon sa matinding pinsalang dulot ng Bagyong Reming, layunin ng ________ na maghatid ng proteksyon sa bawat pamilyang Pilipino, lalo na sa mga nasa laylayan ng lipunan. Mula noon, patuloy itong naging kaagapay sa oras ng sakuna, aksidente, at iba pang hindi inaasahang pangyayari.
3. Layunin ng institusyon na ito na maghatid ng dekalidad at murang produkto para sa mga *sari-sari store*, maliliit na negosyo, at mga pamilyang bahagi ng komunidad. Noong Hunyo 30 at Hulyo 14, 2025, nagbukas ito ng dalawang bagong sangay sa Biñan, Laguna at Sto. Tomas, Batangas.
4. Taong 2001 nang simulan ni Mary Ann Mariano mula sa Bataan ang pagbebenta ng tela at mga gamit ________, katuwang ang kanyang asawang si Ruben. Lumaki si Ruben sa pamilya ng mananahi kaya't naipasa niya kay Mary Ann ang kaalaman at kasanayan sa pananahi na naging matibay na pundasyon ng kanilang kabuhayan.
5. Ang ______________ ay isang *microfinance-oriented rural bank* na bahagi ng CARD MRI. Layunin nitong tulungan ang mga pamilya sa pamamagitan ng mga serbisyong pinansyal gaya ng *microinsurance*, edukasyon, kabuhayan, kalusugan, at iba pang programang makatutulong sa kanilang pag-unlad.

**Pahalang:**

2. Anong programa ang isinagawa ng CARD MRI sa Palompon, Leyte noong Hulyo 16, 2025, upang maghatid ng iba't ibang libreng serbisyo gaya ng medikal, *dental, optical, financial literacy*, at mga programang makatutulong sa kaunlaran ng komunidad.
5. Anong institusyon sa ilalim ng CARD MRI pinarangalan ang bilang isa sa mga *Outstanding Stakeholders* ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) sa 2025 Outstanding BSP Stakeholders Appreciation Ceremony na ginanap sa Assembly Hall, BSP Manila noong Hulyo 18, 2025.
6. Ano ang tawag sa alkansyang likha ng mga kawani ng CARD MRI sa ilalim ng *Koa Sustainability Circle*. Ito ay isa sa mga ibinibigay sa mga anak ng kliyente ng CARD MRI sa pamamagitan ng *Koa Storytelling*?
7. Bilang bahagi ng adbokasiya ng CARD MRI para sa pangangalaga ng kalikasan at pakikiisa sa mga gawaing pangkomunidad, nagsagawa ng __________ *activity* ang dalawang kaanib na institusyon nito, ang CARD SME Bank at CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) noong Hulyo 12, 2025.




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*

## HALINA'T ALAMIN: PAANO GUMAWA NG NILUPAK NI NANAY EVANGELINE



Bawat Nilupak na niluluto ni Nanay Evangeline Sancon ay may halong tiyaga at pag-asang maiangat ang buhay ng kanyang pamilya.

Tubong Siniloan, Laguna, si Nanay Evangeline ay kliyente ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) mula 2013. Dahil hindi sapat ang kita ng kanyang asawang *construction worker*, namasukan siya sa mga karinderya—naghuhugas, nagluluto, kumakayod kahit pagod.

Noong 2015, habang inaalagaan ang kanyang bagong silang na anak, natutuhan niyang gumawa ng nilupak—isang simpleng kakanin na kalauna'y naging daan para makapagsimula ng sariling negosyo. Mula sa pamimili ng kamote hanggang sa pagbalot, siya mismo ang gumagawa.

Ngayon, ang kanyang nilupak ay hindi lang binebenta sa kanilang barangay kundi umaabot na rin sa iba't ibang bayan. Sa bawat balot, kasama ang kuwento ng isang inang may pusong lumalaban para sa kinabukasan ng kanyang pamilya.

Mula kay Nanay Evangeline, narito ang paraan ng paggawa ng Nilupak:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**

- Kamoteng kahoy
- Asin
- Gumaang o matigas na buko
- Asukal
- Keso
- *Condensed milk*
- Kaldero
- Kahoy na pambayo/pandurog
- Malinis na tela
- *Tray*
- *Plastic Tub*

**Paraan ng Paggawa:**

1. Balatan at hugasan ang kamoteng kahoy nang mabuti.
2. Pakuluan sa tubig na may kaunting asin hanggang lumambot (30–45 minuto, depende sa kapal).
3. Habang mainit pa, durugin ito sa malinis na lalagyan gamit ang pambayo.
4. Idagdag ang buko at asukal habang patuloy ang pagdurog, dahan-dahan lang upang sumama ang lasa.
5. Isunod ang keso at condensed milk. Haluing mabuti hanggang magsama-sama ang lahat ng sangkap at maging makinis ang timpla.
6. Ilipat sa tray at takpan ng malinis na tela para lumamig.
7. Ilagay sa plastic tub at budburan ng keso sa ibabaw para sa dagdag na linamnam.
8. Ihain o ibenta bilang pasalubong o pampatamis sa hapag.

**Tip mula kay Nanay Evangeline:** Para sa nilupak na may kakaibang dating, subukan mong lagyan ng latik sa ibabaw o haluan ng kaunting gata habang dinudurog. Maliit na *twist*, pero ang lasa—pamilyar pero may bagong sarap. Gawin ito nang may malasakit, dahil sa likod ng bawat nilupak, naroon ang alaalang masarap balikan.

# SULONG COMICS

